# San Diego Unified School District

EUGENE BRUCKER EDUCATION CENTER
4100 Normal Street, San Diego, CA 92103-2682

(619) 725-5506

Carl A. Cohn
Superintendent of Schools


Oktubre 2007

Mahal na mga Magulang at Tagapag-alaga,

Salamat sa pagbibigay ng mataas na pagpapahalaga sa pag-aaral ng inyong mag-aaral sa bahay ngayong taon. Masidhi kong pinasasalamatan ang pagtitiwala ninyo sa ating mga paaralan at distrito araw-araw. Nais kong malaman ninyo na ang tagumpay sa pag-aaral ng inyong anak at ang inyong kasiyahan sa ating mga paaralan ang mahalaga sa amin.

Tulad ng nabanggit sa nakaraang buwan, sa kamakailang pagtatanong ng San Diego Unified School District sa ating mga magulang na mahigit na 90 kabahaginan ang nagbigay ng mataas na marka sa paaralan ng kanilang anak kaugnay sa kaligtasan, kalinisan, paggalang sa mga magulang, mabuting pakikitungo sa mga mag-aaral, at iba pang mahahalagang katangian. Walumpu't-walong kabahaginan ng mga magulang ay nasisiyahan sa natututunan ng kanilang anak sa paaralan at, sa inyong tulong, kayang-kaya nilang gumawa ng mas mahusay. Handa kaming gawin ang aming tungkuling mapabuti ang aming paglilingkod sa inyo sa taong ito.

Nagagalak kaming kayo ang una at pangunahing guro ng inyong anak. Maibibigay ninyo sa inyong anak ang kapakinabangan sa paaralan sa pagbibigay ng tahimik na lugar ng pag-aaral sa bahay na walang gumagambala – isang matiwasay na lugar sa paggawa ng takdang-aralin, magbasa at magsulat. Tamang isara ang TV hanggang ang takdang-aralin ay natapos, at pagkatapos may hangganang oras ang pagpanood. Ang mga mag-aaral na hindi gaanong nanonood ng TV ay mas mahusay kaysa sa mga mag-aaral na nanonood ng TV ng higit na dalawang oras sa isang araw. Sa halip, magkaroon ng ilang oras na magkasamang magbasa ng nakawiwiling aklat o kuwento, pakinggang bumasa ang inyong anak, at magkatuwaan at pag-usapan ito. Ang mga gawaing ito ay nagpapatunay na ang pagbasa ay mahalaga sa inyo.

Ang makilala ang mga guro ng inyong anak ay isa pang mahusay na paraang makipag-ugnayan at maunawaan ang pag-aaral ng inyong anak. Ang PTA balik-sa-paaralan ay nag-aalok ng isang mahusay na pagkakataong gawin ito. Mangyaring mag-aksaya ng panahong makilala ang ating mga guro at manguha ng balangkas ng mga kurso o listahan ng mga planong tatalakayin ng mga guro para sa taong ito. Hinihikayat ko rin kayong sumali sa PTA at samantalahin ang maraming mahuhusay na pagkakataong lumahok sa paaralan ng inyong anak. Ang mga pamilyang tumutulong sa pag-aaral ng kanilang anak at kasali sa mga gawain sa paaralan ay nagbibigay ng mahalagang mansaheng ang mahusay na pag-aaral ay napakahalaga at makahulugang pagsisikap.

Sa mga pag-uulat ipinakikita na ang mga batang tuwinang kumakaing kasama ang kanilang magulang ay mas mahusay sa paaralan kaysa sa mga hindi. Isa sa mga dahilan ay ang magandang pag-uusap sa hapag-kainan. Ang ating mga mag-aaral ay higit na natututo ngayon sa paaralan. Anyayahan silang magkuwento sa inyo ng tungkol nito.

Magkaroon kayo ng magandang Oktubre!

Buong katapatan,

Carl A. Cohn
Tagapamahala ng mga Paaralan